



KUNG NAG-IISA

Liksyon 4 para sa ika-27 ng Abril, 2019

INTRO: Pagbati at pangungumusta

Ginawa tayo para mabuhay ng may kasama. Iyon ang tama nating kalagayan. Gayunman, ang iba ay nag-iisa dahil sa mga pangyayari o dahil pinili nila ito. Pag-aralan natin ang sinasabi ng Biblia tungkol sa positibo at negatibong mga aspeto ng pag-iisa.

A Pagsasama.

- ❖ Ipinaliwanag ni Solomon kung [bakit kailangan nating ibahagi ang ating buhay sa iba sa kasal, at sa Dios](#) (Ecclesiastes 4:9-12).
- ❖ Kung may problema ang isa, matutulungan siya ng asawa. Kung masiraan ng loob ang isa, pwede syang pasiglahin ng isa. Malulutas nila ang problemang di nila kaya kung mag-isa.
- ❖ [Paano posibleng maging malungkot kahit maraming kasama?](#)
- ❖ [Meron ka bang karanasan na ikaw ay nakipaglaban sa kalungkutan?](#)
- ❖ [Paano tayo maging kabahagi ng solusyon ng Dios sa epedemia ng kalungkutan?](#)

B Pag-iisa.

- ❖ **Pisikal na pag-iisa.**
 - [Sinasalungat ba ni Pablo sa 1 Corinto 7:8 ang payo ng Dios sa Genesis 2:18?](#) (Nilinaw ni Pablo ang ideyang ito: tanging yun lang “nakapagpipigil” (v. 9). Yun ay, silang mga binigayan ng kaloob na hindi na kailangang mag-asawa.)
 - [Anu-ano ang ilang pakinabang ng hindi pag-aasawa na binanggit ni Pablo?](#) (1 Corinto 7:25-34).
 - [Maraming binata o dalaga na mas masaya kaysa sa mga may-asawa. Bakit?](#)
- ❖ **Espiritwal na pag-iisa.**
 - Ang tao ay nag-iisa sa espiritwal kung hindi nya kapananampalataya ang kanyang asawa. Kailangan niyang

mamuhay ng pag-iisa sa espiritwal. Hindi sya makakapanalangin o makapagsisimba na kasama ng kanyang asawa.

- May tatlong posibleng dahilan ng mga sitwasyong iyon:
 - (1) Ang taong iyon ay nag-asawa ng di-kapananampalataya.
 - (2) Tinanggap ng taong iyon si Kristo ng siya’y may asawa na.
 - (3) Ang asawa ng taong iyon ay lumayo sa pananampalataya.
- [Paano masusuportahan ng iglesia ang isang taong walang espiritwal na suporta sa tahanan?](#)

C Di-plinanong pag-iisa.

❖ Paghihiwalay.

- Nagdadala ang paghihiwalay ng mga damdamin ng pagluluksa, depresyon, galit at kalungkutan. Kaya, hinihimok tayo ng Biblia na gawin ang lahat upang maiwasan ang paghihiwalay, magkasundo sa pamamagitan ng pag-ibig, kapatawaran at pagpapanumbalik (Oseas 3:1-3; 1 Corinto 7:10-11; 13:4-7; Galacia 6:1).
- [Kung hindi maiiwasan ang paghihiwalay, paano matutulungan ng iglesia ang isang taong dumadanas nito?](#)

❖ Kamatayan.

- [Paano ang isang tao mahahanda sa kamatayan ng isang mahal sa buhay?](#) 2 Samuel 18:32-33; Mateo 11:28-29
- [Ano ang pagkakaiba ng pagluluksa ng mga sumasampalataya kay Jesus at ng mga hindi sumasampalataya kay Jesus?](#) (1 Tesselonica 4:16-17; Apocalipsis 21:4).

PASYA: Kaibigan, ang pangkalahatang pahayag ng Biblia ay paboran ang pag-aasawa. Ganun paman, naniniwala si Pablo na sa ilang sitwasyon ang pag-iisa ay mas mainam at makapagdadala ng mas malaking kaligayahan. Kung ikaw ay nag-iisa matuwa ka dyan. Kung ikaw ay nag-iisa, magiging pagpapala sa iyo ang pakikipagkaibigan. Bakit hindi mo ilagay ang sarili mo sa lugar upang maging mapalad?

Next week: Matalinong mga Salita para sa Pamilya